Department of **Local Government, Industry Regulation and Safety**

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

Building and Energy Western Australia

Filipino




# Madaling gabay sa mga RCD safety switch




# Madaling tip

Ang pagsubok sa iyong Residual Current Device (RCD), na kilala rin bilang safety switch, ay nakakatulong na protektahan ka at ang iyong pamilya mula sa pagkakuryente (electric shock).

Kung may kumpiyansa kang gawin ito, at ang iyong meter box ay nasa mabuting kondisyon:

1. Buksan ang meter box.
2. Pindutin ang Test button sa bawat RCD. Ito ay minarkahan ng **T**.
3. Ang switch ay dapat na mamatay **OFF** kaagad.
4. Muling buksan ang switch at ilagay sa **ON**.

Nire-reset nito ang safety switch.

Kung ang switch ay ayaw mapatay, o ayaw nang muling bumukas, tumawag sa isang lisensyadong electrical contractor.

Suriin ang iyong safety switch bawat 3 buwan, o mas madalas kung nakasaad sa mga tagubilin nito.

# Bakit mahalaga ang mga RCD?

Ang mga residual current device (RCD) ay nakakatulong upang maiwasan ang:

- Pagkakuryente (electric shock).
- Malubhang pinsala.
- Mga sunog mula sa kuryente.

Ang mga circuit breaker at fuse sa iyong switchboard ay hindi nagpoprotekta sa iyo at sa iyong pamilya mula sa electric shock. Ang isang RCD ay nagpoprotekta sa ganito.

Upang gawing mas ligtas ang iyong tahanan o negosyo, dapat ay mayroon kang kahit dalawang naka-install na RCD safety switch.

Ang isang lisensyadong electrical contractor ay maaaring mag-install ng mga RCD para sa iyo.

Kung wala kang RCD, hindi ka protektado.

**MAG-INSTALL NG MGA RCD**



# Nasaan ang Test (T) na pindutan?

Hanapin ang letrang **T** sa iyong RCD.

Ang pindutan ay maaaring may iba't ibang hugis o kulay ngunit palagi itong may **T** na letra.

Kung hindi mo mahanap ang **T** na pindutan:

- Kunan ng litrato ang iyong RCD.
- I-email ito sa EGPGeneralAdmin@lgirs.wa.gov.au at may tutulong sa iyo mula sa Building and Energy team.






**HANAPIN ANG T**

3




4




5




6



# Mga Panuntunan para sa mga RCD safety switch

## Kung ibebenta mo ang iyong bahay

Bago mo ibenta ang iyong bahay, dapat naka-install ang mga RCD para sa lahat ng circuit ng kuryente at ilaw.

Kung walang naka-install na dalawa o higit pang RCD, kakailanganin mong kumuha ng isang lisensyadong electrical contractor upang i-install ang mga ito upang matugunan ang mga Regulasyon sa Elektrisidad.

## Kung ikaw ay umuupa ng bahay

Dapat mag-install ang mga landlord ng mga RCD sa mga paupahang ari-arian, alinsunod sa mga Regulasyon sa Elektrisidad.

Kung wala pang naka-install na mga RCD, dapat makipag-ugnayan ang mga nangungupahan sa landlord o ahente at hilingin na mai-install ang mga ito kung kinakailangan.

Dapat ding gawin ng mga nangungupahan ang mga sumusunod:

- Subukan ang mga RCD bawat 3 buwan.
- Iulat ang anumang mga depekto sa landlord o ahente.

Kung hindi gumagana ang isang RCD, dapat itong palitan kaagad.

## Ilang RCD ang kailangan mo?

Hindi bababa sa dalawang RCD ang kinakailangan, alinsunod sa mga Regulasyon sa Elektrisidad. Ang ilang mga ari-arian ay maaaring mangailangan ng higit pa.

Ang isang lisensyadong electrical contractor ay mag-i-install ng tamang bilang para sa iyong ari-arian at sisiguraduhin na ang iyong ari-arian ay nakakatugon sa mga Regulasyon.

# Kailangan ko ba ng isang lisensyadong electrical contractor?

**Oo**. Dapat kang gumamit ng isang lisensyadong electrical contractor upang mag-install ng mga RCD o ayusin ang anumang mga problema.

## Huwag mismong ikaw ang magsasagawa ng gawaing elektrikal

Huwag mismong ikaw ang magsasagawa ng gawaing elektrikal o kumuha ng isang taong walang lisensya.
Mapanganib ito.

Maaari kang makuryente o magsimula ng sunog.

Ang mga lisensyadong electrical contractor:

- ay sinanay,
- sumusunod sa mga batas sa kaligtasan,
- ginagarantiyahan ang kalidad ng kanilang trabaho.

**Iligal para sa mga taong walang lisensya na gumawa ng mga gawaing elektrikal.**



# Paano makakahanap ng lisensyadong electrical contractor?

Maaari mong tingnan ang mga lisensya ng electrical contractor online.

- Ang lisensya ng electrical contractor ay nagsisimula sa EC
- Ang lisensya ng electrician ay nagsisimula sa EW

Maghanap ng electrical contractor


Pamahalaan ng Western Australia

**Kagawaran ng Lokal na Pamahalaan, Regulasyon ng Industriya at Kaligtasan**

**Building and Energy**

Telepono: **1300 489 099**

Oras ng negosyo: **8:30am – 4:30pm**

**Pisikal na address:**

Level 1 Mason Bird Building
303 Sevenoaks Street (pasukan sa Grose Avenue)
Cannington Western Australia 6107

Website: www.wa.gov.au/building-and-energy

Email: be.info@lgirs.wa.gov.au

Mailing address**:** Locked Bag 100 East Perth WA 6892


**Karagdagang suporta:**

National Relay Service: 13 36 77

Translating and Interpreting Service (TIS) 13 14 50

Ang publikasyong ito ay makukuha kapag hiniling sa iba pang mga format.

LGIRS26_0202